

TOMO XI - ISYU 3 OKTUBRE-DISYEMBRE 2024

EDITORYAL

Suungin ang mga unos at paigtingin ang pakikibaka laban sa pagpapahirap at pang-aapi ng rehimeng US-Marcos II! Biguin ang di deklaradong batas militar sa isla ng Mindoro!



Sa pagtatapos ng taong 2024, di tumigil ang pagsambulat ng krisis pang-ekonomya at pampulitika sa buong bansa. Idinulot nito ang ibayong paghihirap ng mamamayang Mindoreño. Ang pagsahol ng krisis at kahirapan ay marapat na tapatan ng ibayong determinasyon na pangibabawan ang anumang hirap at balakid at matatag na lumaban para sa pambansa demokratikong mithiin ng mamamayan.

Buong taong 2024, hinambalos ng walang awat na mga kalamidad ang buhay at kabuhayan ng mga Mindoreño: Mula sa African Swine Fever noong Pebrero, El Niño mula Marso hanggang Hunyo at mga bagyo at hanging Habagat mula Hulyo. Pitong bagyo ang humagupit sa bansa mula Oktubre. Kabilang dito ang bagyong Kristine na nag-iwan ng milyong halagang pinsala sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisdang Mindoreño. Muli, walang tunay na tulong na natanggap ang mamamayan mula sa gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. Dismayado at hindi na umaasa pa ang kalakhang Mindoreño na matatanggap pa nila ang anumang ipinangakong ayuda ng gubyerno.

Wala na ngang maaasahang tulong sa reaksyunaryong gubyerno, hindi rin ito mapagkakatiwalaang panagutin ang mga dambuhalang negosyo ng mina, kwari, pagtotroso, ekoturismo at iba pang mapangwasak na negosyong silang tunay na dahilan ng mapaminsala at papalalang mga sakuna.

Liban sa mga kalamidad at kainutilan ng gubyernong Marcos Jr., winawasak din ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan ng nagpapatuloy na pangangamkam sa kanilang lupa. Sa mismong Buwan ng mga Magsasaka, naiulat ang pag-aresto sa 29 na Mangyan Iraya na nagtatanggol sa kanilang lupang ninuno sa Hacienda Almeda, Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Dagdag pa ang kaso ng pagpapasukat ng lupa ng mga Mangyan Hanunuo sa Brgy. San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro na bahagi ng tangkang pangangamkam ng lupang ninuno para sa negosyo ng panginoong maylupa (PML) at mayor ng Bulalacao na si Ernilo Villas.

Ang pangwawasak sa mga kabuhayang nakasandig sa lupa at pagbubungkal nito ang nagtutulak sa mga magsasaka at katutubong Mangyan na lisanin ang bukid upang patusin ang limitado at napakababang sahod sa mga sentrong bayan at lunsod. Upang magpakitang tao sa harap ng di humuhupang panawagan ng mga manggawa para sa taas-sahod, inaprubahan ng Department of Labor and Employment ang kakarampot na taas-sahod sa ilang mga prubinsya.

Dinagdagan ng ₱35.00 ang arawang minimum na sahod sa Mindoro. Lubha itong kulang, di makatao at di makatwiran sa harap ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo sa isla.

Habang nakadagan sa masang anakpawis ang tumitinding kahirapan, nagpapasasa naman ang mga PML, burgesya kumprador, burukrata kapitalista, dayuhang negosyo at maging ang AFP-PNP sa yamang mula sa lakas paggawa at buwis na binabayaran ng taumbayan. Pangita ito sa pambansang badyet para sa 2025 na pinirmahan ni Marcos Jr. nitong Disyembre. Kinaltasan ang badyet para sa serbisyong panlipunan laluna ang edukasyon at kalusugan habang pinalobo nang higit ang pondo para sa militar, pambayad utang, korapsyon sa porma ng Confidential and Intelligence Funds at Ayuda sa Kapos sa Kita Program (AKAP). Tiyak na malaking bahagi ng ₱6.35 trilyong badyet sa 2025 ay ibubulsa at gagamiting pondo para sa pangangampanya para sa darating na eleksyon ng mga Marcos at mga dinastiyang pampulitikang sunud-sunuran sa kanila.

Upang pigilan ang pagkamulat at paglaban ng mamamayan na galit na sa harap-harapang pagpapahirap at pang-aapi sa kanila ng rehimeng US-Marcos II, todo-todong ipinatutupad sa buong bansa ang di deklarado o *de facto* na *martial law.*

Dinagdag nitong Nobyembre ang 1st Infantry Batallion sa mga panagupang batalyon ng AFP na nakapakat sa Mindoro. Kung pagsasama-samahin ang mga sundalo, pulis at CAFGU sa isla, mayroon ngayong sampu't kalahating batalyon ng mga bayarang armadong pwersa ng naghaharing uri sa isla. Pinatutunayan nito na bigong bigo ang reaksyunaryong gubyerno sa layunin nitong gapiin at durugin ang rebolusyonaryong paglaban sa isla sa kabila ng pagmamayabang ng 203rd Infantry Brigade at NTF-ELCAC na malilipol na ang demokratikong rebolusyong bayan sa Mindoro at kabi-kabilang hungkag na mga deklarasyong *"insurgency free"* at *"Stable Internal Peace and Security"* sa mga bayan sa isla ng Mindoro. Asahan na ibubunsod ng desperasyon ng AFP-PNP ang mas marami, mas malaki at mas malupit na mga operasyong militar at saywar sa isla para sa taong 2025.

Upang epektibong mapamunuan ang masa sa paglaban habang magiting na nagtatanggol sa kaaway, dapat puspusang ipatupad ng mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng tungkulin sa ilalim ng kilusang pagwawasto. Dapat balikatin ng mga kasapi at kadre ng Partido, Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong aktibista ang mas malaki at mabigat na tungkulin sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Kung wala ang pagpupursigi sa mga gawain at kahandaang mag-sakripisyo para sa paglilingkod sa sambayanan, hindi mapupukaw ang masa na lumaban para sa kanilang sariling kapakanan at hindi nila magagampanan ang kanilang makasaysayang papel sa pagsulong at pagtatagumpay ng rebolusyon.

Dapat na gawing sukatan ng pagpapalakas ng rebolusyon ang paparaming laban sa kabuhayan at karapatan na naipuputok, sinusuong at naipagtatagumpay kasama ang masa. Susi rito ang walang sawang pag-aaral sa kungkretong kalagayan ng masa at ng wastong pamamaraan ng pagpapakilos sa kanila. Dapat magpursige sa malikhaing pag-propaganda sa masa upang kontrahin ang sustenidong kampanyang saywar ng kaaway na nagpapahina sa pagkakaisa at kapasyahang lumaban ng masa. Tanawin ang paparami at papalaking mga pakikibakang masa para sa lupa, disenteng sahod at trabaho, serbisyong panlipunan, karapatang-tao at iba pang mga demokratikong karapatan.

Kabilang sa laban na dapat suungin kasama ang masang Mindoreño ang pagpapataas ng antas ng digmang bayan sa isla at pagpapasigabo ng mga taktikal na opensiba na dudurog sa kaaway. Sa muling pagsigla ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa Mindoro, masisingil ang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang mga krimen laban sa mga Mindoreño, mababasag ang takot na hatid ng *de facto martial law* sa isla at makakaambag ang Mindoro sa muling paglakas at pagsulong ng rebolusyon sa buong bansa.

NILALAMAN

Editoryal	1
203rd Brigade, bigong durugin ang BHB	3
Dagdag na batalyon ng AFP	3
Binibigo ng estado ang kabataang Mindoreño	4
PKP@56, ipinagdiwang	5
Proyektong dam sa Kayakyan at Busuanga	7
Muling paghagupit ng ulan at baha	9
Pangangamkam sa lupang ninuno	9
Bantay Karapatan	10
Mga Kwento ni Ka Madaay	11
NDF Mindoro Bulletin	13
Kultura	14

BALITANG TO

203rd Brigade, bigong durugin ang BHB Mindoro sa taong 2024

Bigong bigo ang 203rd Infantry Brigade at rehimeng US-Marcos II sa layunin nitong lipulin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla ng Mindoro na itinakda nitong *"eye of the storm"* ng kontra-rebolusyonaryong digma nito. Pinasubalian ng sunud-sunod na mga labanan sa Occidental at Oriental Mindoro ang kasinungalingan ng AFP na "isang mahinang larangang gerilya" na lang ang natitira sa buong bansa.

Binigo ng mga yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang kabi-kabilang pagtatangka ng mga tropa ng 203rd Brigade na makadurog ng mga yunit ng BHB bilang pagtupad sa pangarap na gising ng reaksyunaryong gubyerno na durugin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka bago matapos ang Disyembre 2024.

Aktibong nakapag-depensa ang mga Pulang mandirigma sa mga umatakeng pasistang pwersa ng 76th Infantry Batallion (IB) sa dalawang magkasunod na labanan noong Nobyembre 5 sa Brgy. Villa Pag-asa, Bansud, Oriental Mindoro (OrMin). Ayon sa ulat ng yunit ng BHB, anim na sundalo ng 76th IB ang napatay sa mga nasabing labanan. Dalawa pang sundalo ng 76th IB ang napatay sa aktibong pagtatanggol sa isang labanan noon namang Nobyembre 18 sa Brgy. Bugtong na Tuog, Socorro, OrMin. Nagtamo rin ng mga sugatan ang napalabang yunit ng 76th IB. Sa parehong labanan, ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Sa prubinsya naman ng Occidental Mindoro, naganap ang isang depensibang labanan sa pagitan ng BHB at mga pasistang sundalo noong Nobyembre 23 sa Brgy. Monteclaro, San Jose.Namartir sa labanan ang Pulang mandirigmang si Jhonas "Ka Igo" Barrientos. Sinundan ito ng aktibong depensa ng BHB noong Disyembre 18 laban sa mga umatakeng pasistang pwersa ng 4th IB sa Sityo Tinis-an, Brgy. San Vicente, Roxas, OrMin. Tatlong sundalo ng 4th IB ang iniulat na napatay sa labanan. Namartir naman sa nasabing labanan si Rosemarie "Ka Agnes" Gayadan. Noon namang Disyembre 21, bigo ang 1st 1B at 203rd Brigade sa isa pang pag-atake laban sa isang yunit ng BHB sa Lisap, Bongabong, OrMin. Sa halip, aktibong nakapagdepensa ang mga Pulang mandirigma sa umaatakeng pasista at nakapinsala dito kung saan tatlo ang malubhang nasugatan sa umaatakeng pasistang pwersa.

Reaksyon ng AFP

Ibinaling ng mga sundalo ang kanilang galit sa mga sibilyang residente ng mga barangay na pinangyarihan ng mga labanan. Ipinailalim sa mas matinding militarisasyon ang Brgy. Villa Pag-asa sa tabing ng *"stress debriefing"* na pinangungunahan ng 76th IB at 1st Civil-Military Operations Company. Ang Brgy. Bugtong na Tuog ay pinatawan naman ng *food blockade, lockdown* at kinampuhan ng mga yunit ng Mobile Community Support Program Operations (MCSPO). Pinulong naman ng 4th IB ang mga residente mula sa Sityo Tinis-an matapos ang labanan noong Disyembre 18.


Sa parehong kaso nila Ka Igo at Ka Agnes, pinahirapan ng mga pasistang sundalo ng 203rd Brigade ang mga pamilya at humanitarian team na sumundo sa labi ng dalawang martir.

Hamon sa BHB

Sa iba't ibang pahayag mula sa BHB Mindoro at PKP Mindoro, diniinan ng parehong organisasyon ang tungkulin ng mga Pulang mandirigma at kumander na magpalakas, lumaban at patuloy na mag-aral at magpakahusay sa estratehiya, taktika at teknika sa pakikidigmang gerilya upang maipatupad ang tungkulin sa pagbigwas sa kaaway at pagtatanggol sa masang api.

BALITA

Dagdag na batalyon ng teroristang AFP, ipinakat sa Mindoro



Upisyal na inanunsyo ng 203rd Infantry Brigade ang pagpakat ng 1st IB sa isla ng Mindoro noong ika-8 ng Nobyembre 2024. Ito ang pang-apat na panagupang batalyon ng AFP na nakapakat ngayon sa isla kasama ng 4th, 68th at 76th IB.

Rekord ng 1st IB

Simula pa 1998 ay may mahabang rekord na ang 1st IB sa paglabag sa mga karapatang tao ng mga mamamayan ng Timog Katagalugan, laluna sa mga prubinsya ng Laguna at Quezon kung saan matagal itong kumilos. Naipadala rin ang 1st IB sa Marawi, Mindanao sa kasagsagan ng teroristang kampanya ni Duterte na Martial Law sa Mindanao. Taong 2017 hanggang 2019 naman nang ipakat ito sa Batangas kung saan nagsilbi rin silang pribadong *goons* ng panginoong maylupang si Federico Campos III na nangangamkam ng lupa ng mga magsasaka sa Brgy. Balacbacan, Laiya, San Juan. Sa naturang probinsya rin pinatupad ng 1st IB ang Orbon Doctrine na kahalintulad ng taktikang *shock-and-awe* ng berdugong si Gen. Jovito Palparan. Bumalik din sa Laguna at Quezon ang 1st IB noong 2019 at dito muli

nanghalihaw bago mailipat sa Mindoro ngayong 2024.

Tahasan ang paglabag ng 1st IB sa batas ng digma at makataong batas. Sangkot sila sa mga maramihang kaso ng psywar, tortyur, pambubugbog at pagpaslang saanmang prubinsya maipakat. Bago ang paglipat sa isla, naglunsad ng malawakang mga Retooled Community Support Program Operations ang 1st IB sa Laguna at Quezon upang kampuhan ang mga komunidad ng mga magsasaka at ipailalim ang mga ito sa batas militar.

May kaso rin ang 1st IB ng pataksil na pagpatay sa mga "*hors de combat*" o mga kombatant na wala na sa katayuang lumaban mula sa rebolusyonaryong kilusan.

Tugon ng BHB Mindoro

Tinawag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro, na "lubhang desperado" ang 203rd Brigade at rehimeng US-Marcos II sa pagpakat ng 1st IB sa isla.

"Ang pagdagdag ng isa pang panagupang batalyon sa Mindoro ay isang pag-amin ng reaksyunaryong gobyernong nabibigo silang supilin ang mamamayang Mindoreño sa kanilang patuloy na pagtahak sa rebolusyonaryong landas," ani ni Ka Madaay.

Binaybay ni Ka Madaay sa kanyang pahayag ang padron ng pagdedeklara ng reaksyunaryong gubyerno na nagupo na nito ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro mula pa noong 2015 kung kailan idineklarang *"Conflict Manageable and Ready for Development"* (ibig sabihin, kontrolado't naagapan na ang armadong tunggalian at maari nang ipasok ang mga proyekto ng mga dambuhalang negosyo) ang Mindoro hanggang sa deklarasyon na "*eye of the storm*" ng kampanyang kontra-insurhensya ng dating rehimeng US-Duterte ang isla noong 2021. Binalikan din ni Ka Madaay ang iba't ibang estratehikong kontra-insurhensyang programang inilunsad ng sunud-sunod na mga presidente. Diniinan niya na "[imbis] na malipol, sumulong at lumakas ng walang katulad sa kasaysayan ang apoy ng rebolusyonaryong pakikibaka sa Mindoro at buong Pilipinas" sa gitna ng mga kampanyang ito.

Iginuhit din ni Ka Madaay ang mga tungkulin ng BHB Mindoro sa harap ng "tumataas na antas ng digma" sa isla. Panawagan ni Ka Madaay sa mga Pulang kumander at mandirigma ang pag-alpas sa konserbatismo at pasibidad, pag-aaral at paglalapat sa mga batas ng digmang bayan sa isla, pagsasanay sa mga masang Mindoreño na magtanggol sa kanilang mga karapatan, pagpapalakas sa BHB at pagpapataas ng kahandaang lumaban "[anuman] ang kakaharaping sakripisyo, kahirapan at kagipitan." 

LATHALAIN

Papet at burukrata kapitalistang estado ang bumibigo sa bagong salinlahi ng Mindoro

Nitong 2024, higit pang bumulusok ang kalidad ng pagkatuto ng mga kabataang estudyante sa isla ng Mindoro at sa buong bansa. Patuloy na binubulok ng mga neoliberal na atake ang sistema ng edukasyon ng Pilipinas. Pinakatampok sa mga atakeng ito ang bilyun-bilyong kaltas-badyet sa mga pampublikong paaralan at matinding panunupil at represyon sa mga kabataang estudyante ng reaksyunaryong gobyerno ni Ferdinand Marcos Jr.

Sa buong bansa, pinagsasamantalahan ang mga kabataan ng edukasyong kolonyal, komersyalisado at pasista. Binibigyang mukha ang ganitong sistema ng edukasyon ng mga neoliberal na patakaran katulad ng K-12 at MATATAG Curriculum. Sa Timog Katagalugan, bukod sa lumiliit na bilang ng mga pampublikong paaralan, tumitindi ang militarisasyon at pasismo sa mga paaralan. Pinapasok ng NTF-ELCAC kahit ang mga paaralan sa elementarya para maagang lasunin ang isipan ng mga kabataan, kitlin ang kanilang diwang makabayan at pigilan ang kanilang pagkamulat sa kabulukan sa lipunang Pilipino.

Ang bulok na sistema ng edukasyon na ito ang siya ring bumabansot sa talino't potensyal ng kabataang Mindoreño. Pinakalantad na mukha ng kolonyal na edukasyon ang kurikulum at programang hindi angkop sa kalagayan, pangangailangan at kultura ng mamamayang Mindoreño. Tinutulak ang mga eskwelahan at mga mag-aaral na bigyan ng labis na diin o mag-ispesyalisa sa agham at teknolohiya habang inaalis at binabaluktot ang pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas kung kaya't di kumpleto at di kumprehensibong nahuhubog ang kultura, talento at galing ng mga kabataan para sana sa pag-unlad. Halimbawa, sa antas kolehiyo sa Mindoro, kakaunti ang mga unibersidad kung saan tunay at epektibong pinag-aaralan ang pagpapalakas ng agrikultura na siyang pangunahing salalayan ng ekonomya ng isla. Bagama't nararapat bigyang pokus ang agham at teknolohiya, hindi rin ito magiging kapaki-pakinabang kung ang tunguhin ng pag-aaral nito ay para sa pag-unlad lamang ng produksyon at negosyo ng mga dambuhalang negosyo.

Dagdag na pang-aapi naman ang nararanasan ng mga katutubong Mangyan. Sa ilalim ng kolonyal na edukasyon, pinaiilalim sa asimilasyon ang mga kabataang Mangyan. Sistematikong pinapatay nito sa halip na paunlarin ang kultura at tradisyon ng mga katutubong Mangyan

sapagkat walang pagkilala ang kolonyal na kurikulum sa kasaysayan at pangangailangan nila bilang katutubo.

Kadikit ng kolonyal na edukasyon ang pagiging komersyalisado nito. Pangunahing layunin nitong hubugin ang mga kabataan para sa supil at murang lakas-paggawa na ilalako bilang kalakal sa pandaigdigang merkado. Ayon sa huling datos ng Philippine Statistics Authority noong 2020 sa *Census of Population and Housing*, ang mga kursong Education, Business Ad and Law, Engineering, Manufacturing and Construction ang may pinakamataas na porsyento sa mga kursong kalimitang kinukuha ng mga estudyante sa rehiyon ng MIMAROPA. Dahil sa atrasado't di industriyal na produksyon sa isla at bansa, ang mga gradweyt sa mga kursong ito kalauna'y papasok bilang empleyado ng mga dayuhang korporasyong namumuhunan sa Pilipinas. Sa mga trabahong ito'y tatanggap sila ng katiting na sweldo kapalit ng pagpiga sa kanilang propesyunal na kasanayan para sa tubo ng kapitalista. Kung ikukumpara, 4.3% lamang sa kabuuang populasyon ng gradweyt noong 2020 sa buong rehiyon ang kumuha ng kursong may kinalaman sa Agriculture, Forestry, Fisheries, and Veterinary. Sa huling ulat ng PSA noong 2024, bumaba ng higit 36% ang bilang ng mga nagtatapos sa kursong Agriculture and Fishery mula 2021 na may 8,202 bilang ng nagtapos tungong 2,998 noong 2023.

Ang pagturing sa edukasyon bilang kalakal na ibinebenta't binibili para mapagkakitaan ang dahilan bakit di aksesible ang edukasyon. Kakambal ito ng pagbagsak ng kabuhayan at pagkalugi ng mga magsasakang Mindoreño kaya taon-taong lumalaki ang bilang ng mga kabataang hindi nakakapag-aral sa isla sa iba't ibang dahilan; pangunahin dito ang lumalalang sosyo-ekonomikong krisis na hindi naman malulutas ng tumitinding militarisasyon sa mga pamayanan.

Ayon sa ulat ng PSA hinggil sa bilang ng mga kabataang nag-enrol mula pre-school hanggang sekondarya sa buong Oriental Mindoro sa taong 2021-2022, mayroong 16,396 *enrollees* sa *pre-school,* 104,324 sa elementarya at 73,647 naman sa sekondarya. Tinatayang nasa 75% lamang ito sa kabuaang populasyon ng kabataan sa probinsya na dapat nasa paaralan batay sa 2020 *census* ng PSA. Hindi nalalayo at mas malubha ang kalagayan ng edukasyon sa probinsya ng Occidental dahil sa limitadong bilang ng mga pampublikong paaralan sa bawat bayan.

Militarisasyon at pasismo

Malaki ang epekto ng militarisasyon at pagkakampo ng mga militar sa mga sibilyang pamayanan sa buong isla. Nagdudulot ito ng takot at trauma lalong higit sa mga bata at kabataang direktang nakaranas ng panghaharas, pambobomba at pananakot sa kamay ng mga militar sa kanilang lugar. Pinakahuling kaso nito ang iligal na pag-aresto at pagkulong sa 14 na menor de edad na katutubong Mangyan-Iraya noong Oktubre 2024 kasama ang 15 pang matatandang katutubo sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...

BALITA

PKP@56, ipinagdiwang sa mga sonang gerilya sa Mindoro

Di alintana ang masamang panahon, mainit na ipinagdiwang ng mga kadre't kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang ika-56 na anibersaryo ng Partido sa loob ng mga larangang gerilya sa isla ng Mindoro.

Sa harap ng tumitinding militarisasyon, buong loob na inilunsad ang mga pulong anibersaryo na dinaluhan ng mga kadre't rebolusyonaryong aktibista mula sa loob at labas ng mga larangan. Ani ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB Mindoro, malaking bigwas sa kaaway ang pagtitipon ng mga rebolusyonaryo para ipagdiwang ang anibersaryo ng Partido lalo't buong pwersa at lakas ang iginugugol ng kaaway upang masagkaan at mabulabog ang taunang pagdiriwang ng mga anibersaryo ng mga rebolusyonaryong organisasyon.

Iniulat ng magkakaibang yunit ng BHB ang matatagumpay na programang kanilang inilunsad. Sa isang yunit, nag-alay ang mga dumalo ng *flag dance*, mga kanta at rap na sariling komposisyon at awit-galaw. Kabilang sa mga inawit at iginalaw ng mga pultaym na Hukbo ang mga kantang "Gintong Karit at Maso" at "Tatsulok" pati ang isang orihinal na kantang "Kabataang Makabayan." Sa kabilang banda, itinanghal naman ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) na pumasok sa sona upang makipamuhay sa BHB ang kanilang orihinal na awit-galaw ukol sa kasaysayan ng kanilang organisasyon.

Napuno rin ng mga kultural na pagtatanghal ang pagdiriwang ng isa pang yunit ng BHB. Pinakita sa isang pagtatanghal ng "Tano" ang sumasahol na kalagayan ng masang api bunga ng lumalalim na krisis sa buong daigdig at sa loob ngPilipinas na tinalakay ng Komite Sentral (KS) sa inilabas nitong pahayag noong Disyembre 26, 2024. May itinanghal ding dula ukol sa

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina...



Mula sa pahina 5 (lathalain)...

Dito naitala ang pinakabatang katutubo na inaresto ng reaksyunaryong pulis sa edad na apat (4) na taong gulang.

Madalas kampuhan ng mga nag ooperasyong sundalo at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) ang mga paaralan sa mga baryo at komunidad sa isla ng walang pagsasaalang alang sa teror na idinudulot sa mga estudyante at guro ng paaralan. Noong 2022, kinampuhan ng isang kumpanya ng 68th IB ang Red Hills National High School sa Calintaan, Occidental Mindoro. Sa ilang eskwelahan, hindi man direktang tinatayuan ng kampo-militar ang mga paaralan sa Mindoro, pinapasok naman ito ng huwad at *red-tagger* na NTF-ELCAC sa pamamagitan ng iba't ibang programa nito sa kontra-insurhensyang kampanya.

Isa ang Mindoro State University (MSU) sa Oriental sa sinimulang pasukin ng AFP katuwang ang NTF-ELCAC sa Mindoro para magsagawa ng mga *redtagging forum* at magpakalat ng mga kasinungalingan sa mga kabataang Mindoreño. Sa Occidental, pinapasok ng AFP at NTF-ELCAC ang ilang highschool sa Calintaan.

Pawang takot , mga kaisipang utak-pulbura at sunud-sunuran ang isinusubo ng berdugong AFP at NTF-ELCAC sa mga kabataang Mindoreño. Pinakamalala, pamamaslang ang tugon ng bayaran at berdugong mga militar sa mga kabataang nabubuksan ang isip sa kabulukan ng sistemang naninibasib sa isla.

Isa sa pinakatampok na kaso ng paglabag sa karapatang tao dulot ng militarisasyon ang pagpaslang kay Jay-el Maligday na isang kabataang Mangyan-Hanunuo sa Bulalacao, Oriental Mindoro noong Abril 7, 2024. Hanggang ngayon, hindi pa napapanagot ang 4th IB at 203rd Brigade sa krimeng ito. Nais ng 203rd Brigade na takutin at patigilin ang mga katutubong kinabibilangan ni Jay-el sa kanilang pakikibaka laban sa pangangamkam ni Mayor Villas sa mayamang tubig ng bukal Lagnas na pinagmumulan ng buhay at kabuhayan ng pamayanan at mamamayan sa lugar.

Ito ang pangunahing salik kung bakit higit na bumulusok ang kalagayan ng sektor ng edukasyon sa isla ng Mindoro. Sinong kabataan pa ang nanaising pumasok sa paaralang pinapasok din ng mga militar para ipahamak ang mga estudyante? Sinong kabataan pa ang pipiliing pumasok kung walang makain ang kanyang pamilya dahil sa pagtindi ng krisis sa ekonomya? Anumang pagsisikap ng mga kabataan na makapag-aral para matupad ang kanilang mga pangarap ay mawawalang saysay dahil mismong estado naman ang pumapatay rito.

Makabayan, Siyentipiko at Makamasang Edukasyon

Mapapakinabangan lamang ng kabataang Mindoreño ang kanilang talino at galing kung naipagsisilbi ito para sa interes at kapakanan ng mamamayang Mindoreño, laluna ng masang manggagawa at magsasaka, kabilang na ang mga katutubong Mangyan.

Bukod tanging sa edukasyong makabayan, siyentipiko at makamasa higit na magiging kapaki-pakinabang ang talino't husay ng bagong salinlahi. Tuwirang nilalabanan ng edukasyong ito ang nakapangibabaw na kultura't edukasyong maka-dayuhan, mapagsamantala at mapang-api. Upang makamit ang edukasyong ito, kinakailangang lumahok ang mga kabataan sa pagsusulong at pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino. Hangga't nananatiling kolonyal, komersyalisado at pasista ang sistema ng edukasyong umiiral sa bansa, walang maliwanag na kinabukasan ang mga kabataan. Hangga't malakolonyal at malapyudal ang sistemang panlipunan, hamon sa mga kabataan ang bumalikwas tungo sa pag-aalay ng kanilang husay at talino sa paglikha ng malaya, demokratiko, masagana at makatarungang lipunan.

Mula sa pahina 5 (balita)...

kilusang pagwawasto sa rebolusyonaryong kilusan sa urban.

Tinalakay rin ang pagtatasa sa isang taong paglulunsad ng kilusang pagwawasto at mga tungkulin sa paglulubos nito na nilaman din ng nabanggit na pahayag ng KS. Binigyang diin ang tatlong mayor na tungkulin ng kilusang pagwawasto at iniugnay ito sa mayamang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa isla hanggang sa mga kasalukuyang kalagayan at kahinaan na pinagsusumikapang maigpawan ng Partido at Hukbo sa Mindoro.

Sa mga pulong anibersaryo, nagbigay ng pahayag ng pakikiisa ang mga kinatawan mula sa mga balangay ng Mangyan Revolutionary Organization (MINDORO), KM, Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) at iba pang rebolusyonaryong organisasyong masa. Sa huli, tinalakay ang naging tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa nagdaang taon at ang pananatili nitong matatag na pagtindig sa harap ng papatindi at mapangwasak na atake ng reaksyunaryong gubyerno.

Pinatimo ng mga pulong anibersaryo ang muling pagbigo ng rebolusyonaryong kilusan sa imbing layunin ng reaksyunaryong gubyerno na durugin ang rebolusyon bago matapos ang taong 2024. Nananatiling sentral na panawagan sa mga rebolusyonaryo ang pagwawasto upang makasulong sa harap ng mas brutal na digmang inilulunsad ng rehimeng US-Marcos II.

LATHALAIN

Proyektong dam sa ilog ng Kayakyan at Busuanga, perwisyo para sa higit 4,000 mamamayan

Panibagong banta sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka, katutubong Mangyan-Buhid, at mamamayan sa hangganan ng San Jose at Rizal, Occidental Mindoro ang planong pagtatayo ng dam sa mga ilog ng Kayakyan at Busuanga.

Ang ilog ng Kayakyan at Busuanga ay mga ilog na matatagpuan sa hangganan ng mga bayan ng San Jose at Rizal sa Occidental Mindoro. Ang ilog ng Kayakyan ay ang mayor na *tributary* ng Busuanga *river system*, isa sa mayor na ilog sa probinsya.



Sampung pamayanan ng mga katutubong Mangyan-Buhid ang kagyat na nakaasa sa ilog ng Kayakyan para sa kanilang kabuhayan at mga pang araw-araw na pangangailangan. Marami sa mga talukan sa panabihan ng ilog ay nakaasa rito. Dahil mayor na *tributary* ito ng ilog ng Busuanga, malaki ang iniaambag ng ilog ng Kayakyan sa suplay ng tubig para sa irigasyon sa mga barangay ng Monteclaro, Batasan, Central, at San Agustin ng San Jose, at Manoot, Pitogo, at Sto. Niño ng Rizal.

Ang Lipitan Small Reservoir Irrigation Project ay naglalayong magtayo ng dalawang dam sa ilog ng Kayakyan at Busuanga upang paunlarin umano ang sistema ng irigasyon sa mga barangay sa hangganang bahagi ng mga bayan ng San Jose at Rizal. Pinangungunahan ito ng National Irrigation Administration (NIA) sa pamamagitan ng Irrigation Management Office ng Occidental Mindoro habang ang *feasibility study* ng proyektong ito ay isinasagawa sa kasalukuyan ng Engineering and Development Corporation of the Philippines (EDCOP).

Sa pagpapatupad ng proyekto, tahasang binalewala ng reaksyunaryong gubyerno ang sariling huwad na batas na Indigenous People's Rights Act (IPRA) na nagsasaad na dapat munang kunin ang pahintulot o Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) ng mga katutubong pamayanan na saklaw ng mga proyekto.

Dalawang dam ang planong itayo para sa naturang proyekto. Una, ang *impounding dam* na siyang iipon sa tubig mula sa hulo ng ilog ng Kayakyan. Balak itong itayo sa pagitan ng mga sityo ng Ibanig sa Monteclaro at Tikyan na saklaw ng Manoot. Tinatayang aabot sa 99 metro ang kabuuang taas ng itatayong *impounding dam*. Ikalawa, ang *diversion dam* na itatayo sa ilog ng Busuanga sa hangganan ng mga barangay ng Central ng San Jose, Pitogo, at Sto Niño ng Rizal. Ang ikalawang dam ang siyang maglilihis sa agos ng tubig upang maabot nito ang mga barangay padikit sa sentro ng San Jose.

Sasaklawin ng naturang sistema ng irigasyon ang mga barangay ng Monteclaro, Batasan, Central, San Agustin, San Isidro, La Curva, at Bubog sa San Jose, at mga barangay ng Manoot, Pitogo, at Sto. Niño sa Rizal. Ipinangangalandakan ng NIA at EDCOP na nasa 6,676.20 ektaryang mga sakahan at 4,334 magsasaka ang kabuuang mabebenepisyuhan ng itatayong irigasyon.

Ngunit pang-akit lamang ang diumano'y irigasyon. Ang katotohanan, mayor na layunin ng pagtatayo ng naturang dam ang *hydropower* na lilikha umano ng 2.5 MW na kuryente na diumano'y tutugon sa malaking kakapusan sa suplay ng kuryente sa Occidental Mindoro. Sa pagtaya ng mga ahensyang nangangasiwa sa proyekto ay aabot sa Php 6.94 bilyon ang badyet na kakailanganin para maisakatuparan ito.

Ayon sa plano ng mga ahensyang nangangasiwa sa proyekto, tatagal hanggang sa katapusan ng 2024 ang *feasibility study* ng proyekto. Habang nakalaan ang 2025 hanggang 2026 sa pagkukumpleto ng mga plano at disenyo ng itatayong mga istruktura. Tinataya ng NIA at EDCOP na 2027 magsisimula ang aktwal na konstruksyon ng dam at ng mga kalakip nitong imprastraktura sa irigasyon at *hydropower*. Tinatarget na makukumpleto ang proyekto hanggang 2032.

Pinsala at perwisyo, hindi benepisyo ang idudulot ng proyektong dam sa mga mamamayan

Sa kabila ng ipangangalandakang mga benepisyo ng proyektong dam, mas malaki ang mapaminsalang epekto nito sa masang magsasaka, katutubong Mangyan-Buhid at ng mamamayan sa kapatagan. Tinatayang mahigit 40,000 ang kabuuang bilang ng mamamayang maaapektuhan ng natutang proyekto sa saklaw ng mga barangay ng Monteclaro, Batasan, Naibuan,

Central, at San Agustin ng San Jose, at Manoot, Pitogo, at Sto. Niño ng Rizal.

Pinakamalubhang maaapektuhan ng proyektong ito ang mga katutubong Mangyan-Buhid sa panabihan at paligid ng ilog ng Kayakyan. Limang pamayanan o humigit-kumulang 1,400 katao ang palalayasin sa kani-kanilang mga pook-panirahan at mga lupang taniman. Malaking bahagi ng eryang ito ay malulubog sa tubig kapag naitayo ang dam na magsisilbing ipunan ng tubig. Habang aabot sa 2,200 katao sa lima pang mga pamayanan ng mga Mangyan-Buhid ang malalagay sa bingit ng kamatayan dahil sa lapit nila sa ilog at mismong sa itatayong dam.

Nanganganib din ang mga barangay na nasa kapatagan sa panabihan ng ilog ng Busuanga. Direktang apektado sila ng pagbaha na lilikhain ng dam sa tuwing magpapakawala ito ng malaking bolyum ng tubig na malamang ay magaganap sa panahon ng tag-ulan o di kaya naman ay tuwing may bagyo.

Ngayon pa lamang na walang dam na nakatayo ay madalas nang makaranas ng pagbaha ang mga lugar sa kapatagang bahagi ng hangganan ng San Jose at Rizal. Lalo pang tataas ang bulnerabilidad ng mga lugar na ito sa pagbaha kapag naitayo na ang dalawang dam sa ilog ng Kayakyan at Busuanga. Nangangahulugan ito ng ibayong pagkalugi at kahirapan sa mga magsasaka sa mga apektadong lugar, at maaaring humantong sa pagkalunod ng mga pamilya't pamayanan sa pagragasa ng baha na pakakawalan ng dam.

Ngayong taon, mariing tinutulan ng mga mamamayan ang naturang proyekto mula noong ibinukas ito sa kanila ng mga lokal na gubyerno na nakakasaklaw sa lugar. Sa kabila nito, pilit silang pinasasang-ayon sa proyekto ng mga armadong elemento ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA. Pinararatangan silang mga tagasuporta ng NPA dahil sa kanilang pagtutol dahil NPA lamang diumano ang nagturo sa kanilang tumutol sa mga proyekto ng reaksyunaryong gubyerno. Isinasangkalan ng mga pasista ang sapilitang pagpapasuko sa mga residente sa nagdaang mga taon kung kaya't wala na umanong dahilan ang mga ito na tumutol pa sa mga programa ng reaksyunaryong gubyerno. Maging ang mga opisyales ng mga barangay na apektado at mga maliliit na negosyante ay tinatakot upang pigilan silang magsalita laban sa proyekto. Mula 2020, pitong kampo militar ang itinayo at isang panagupang batalyon ng Philippine Army ang ipinakat sa lugar.

Limpak-limpak na benepisyo para sa mga dayuhan at lokal na dambuhalang negosyante at reaksyunaryong gubyerno; matinding kahirapan para sa mamamayan

Habang matinding kahirapan at pinsala ang magiging epekto ng naturang proyektong dam sa mga magsasakang katutubo at di-katutubo, limpak-limpak naman ang benepisyo nito sa mga dayuhan at lokal na mga dambuhalang negosyante at reaksyunaryong gubyerno. Ang proyektong dam at ang iba pang mga imprastrakturang kalakip nito ay bahagi ng huwad at neoliberal na programang Build Better More ng rehimeng US-Marcos II. Ang PhP 6.94 bilyon na pondo ng naturang proyekto ay magmumula sa mga pautang ng Japan International Cooperation Agency (JICA). Pamumuhunan ito ng naturang ahensya upang mapakinabangan sa mahabang panahon ang likas-yaman sa lugar.

Milyun-milyon ang kikitain ng mga pribadong kontraktor na makakakuha ng kontrata at sa iba pang mga imprastrakturang kalakip ng proyektong dam kagaya ng itatayong mga kalsada at tulay papasok sa target na sayt. Katulad din ng iba pang dam at mga *renewable energy projects* sa isla ng Mindoro at sa buong bansa, mga malalaking *power concessions* katulad ng San Miguel Corporation ni Ramon Ang at OrMin Power Inc. ni Jolly Ting ang pangunahing makikinabang sa kita mula sa kuryente na lilikhain nito. Ito rin ang pagmumulan ng malaking bulto ng kuryente na kinakailangan para sa operasyon ng Pitkin Petroleum Ltd. na nagpaplanong magmina sa mga bundok sa hangganang bahagi ng San Jose Occidental Mindoro at ng mga bayan ng Mansalay at Bongabong, Oriental Mindoro.

Ang mga pasistang pwersa ng 203rd Bde at PNP-MIMAROPA na kasalukuyan nang nakapusisyon at palagiang nag-ooperasyon sa paligid ng eryang pagtatayuan ng dam. Sila ang mga asong bantay na ginagamit ang bangis upang pigilan ang pagtutol ng mga mamamayan at tiyakin na makikinabang sa proyekto ang mga amo nilang mga dayuhan at lokal na dambuhalang negosyante at mismong reaksyunaryong gubyerno.

Ibayong pagkakaisa at paglaban ng mga mamamayan ang tanging solusyon sa mapangwasak na proyektong dam sa Kayakyan at Busuanga!

Dapat na magkaisa ang lahat ng mamamayang apektado upang ubos-kayang labanan at tutulan ang proyektong dam na itatayo sa mga ilog ng Kayakyan at Busuanga. Paglaban ang natatanging solusyon upang madepensahan ang buhay at kabuhayan ng masang magsasaka at katutubong Mangyan-Buhid na pipinsalain ng naturang proyekto. Kalakip nito, dapat na labanan ang pangwawasak sa kalikasan na tiyak na mangyayari kapag naituloy ang naturang proyekto. Sa simula pa lamang ay tinutulan na ang naturang proyekto ng mga katutubong Mangyan-Buhid at magsasakang di-katutubo sa mga eryang apektado. Gayunpaman, dapat pang palakasin, palawakin at pasiglahin ang pagtutol at

paglaban ng mga mamamayan upang makamit nila ang tagumpay laban sa mapangwasak na proyekto ng mga iilang walang-pagkabusog para sa tubo at likas-yamang pagkakakitaan.

Higit sa lahat, dapat labanan ang burukrata sa lokal at mataas na posisyon ng gobyerno at ang kakutsaba nilang mga malalaking burgesya komprador -panginoong maylupa na pasimuno at magtutulak ng proyektong ito sa udyok ng mga dayuhang kapitalistang mandarambong ng likas na yaman at lakas paggawa ng mga Pilipino. Dapat silang ibagsak ng nagkakaisang lakas ng sambayanan at hawanin ang landas para sa pagtatayo ng tunay na demokratikong gobyerno ng mamamayan. 

BALITA

Mindoro, muling hinagupit ng matinding ulan at pagbaha dahil sa mga bagyo

Malaking pinsala ang inihatid ng sunud-sunod na bagyo at malakas na ulan at hangin dumaan sa bansa sa huling tatlong buwan ng 2024.
Sa Oriental Mindoro, tinatayang nasa ₱225.8 milyong ang kabuuang pinsalang iniwan ng bagyong Kristine noong Oktubre pa lamang. Halos 90% ng pinsala o ₱223.2 milyon ay naitala sa sektor ng agrikultura ayon sa Provincial Disaster Risk and Reduction Management Office (PDRRMO).

Ayon sa parehong ulat, nasa 128 na baryo na nakakalat sa walong bayan ng Oriental ang lubhang naapektuhan ng pananalasa ng sunud-sunod na mga bagyo mula pa noong Hulyo. Naitala ang 8, 248 na pamilya, o katumbas ng 34, 769 na katao, ang nasalanta ng bagyong Kristine lamang.

Dahil sa epekto ng sunud-sunod na mga bagyo, malaki ang ibinawas sa ani ng mga pananim. May 50.85% na bawas sa ani ng bigas, 31.66% sa mais at 67.24% sa ibang pananim na *high-value* o mataas ang halaga gaya ng sibuyas. Naantala rin ng masamang panahon ang pagbiyahe ng mga produktong bukid palabas ng isla na nagbunsod naman ng pagkasira ng mga nasabing produkto.

Samantala, dumagdag sa dinadaing ng Mindoreño sa bahaging Occidental ang ulan at hanging dala ni Kristine. Matatandaan na napailalim sa state of calamity ang Occidental Mindoro noon lamang Setyembre dahil sa matinding pagbaha laluna sa mga bayan ng San Jose, Magsaysay, Rizal, Calintaan, at Sablayan.

Namahagi ng ilang libong *relief pack*s ang mga lokal na pamahalaan ngunit lubhang kulang pa rin ang mga ito para matugunan ang kinakailangang tulong ng mga Mindoreño. Hanggang ngayon ay walang malinaw na hakbangin ang lokal at pambansang pamahalaan kung paano kungkretong matutugunan ang pangangailangan ng mga Mindoreño, laluna ng mga magsasaka na silang pinakaapektado, matapos ilang ulit na kumaharap sa mga kalamidad buong taong 2024.

Pangangamkam sa lupang ninuno ng mga Mangyan

Patuloy ang pagnanakaw sa lupang ninuno ng mga katutubong Mangyan Iraya sa Hacienda Almeda, Abra de Ilog, Occidental Mindoro. May pangunahing pananagutan sa pagpapalayas sa mga Iraya mula sa Hacienda Almeda ang Pieceland Corporation at ang panginoong maylupang si Romel Almeda.

Kinasabwat ng Pieceland Corporation at ni Almeda ang Regional Mobile Force Batallion (RMFB) na ngayon ay nakakampo sa nasabing asyenda.

Noong Oktubre 18, 2024, pinapunta ang 29 residente ng Hacienda Almeda sa Mamburao Municipal Police Station kung saan sila sinampahan ng gawa-gawang kaso ng *trespassing*. 14 sa 29 na inaresto at ikinulong ay mga menor de edad.

Mula pa 2013, dekada nang ipinaglalaban ng mga Iraya sa Hacienda Almeda ang kanilang lupa. Dahil sa paglaban ng mga residente ng asyenda para sa kanilang lupa ay biktima sila ng mga paglabag sa karapatang tao ng mga mapang-abusong pribadong *goons* ng Pieceland at ni Almeda. Sangkot din dito ang AFP-PNP. Ang Hacienda Almeda ay naka-hamlet at biktima ng harasment at pagharang sa pagpasok ng pagkain sa komunidad. Naitala rin ang mga kaso ng karahasan ng mga *goons* laban sa mga kababaihan at bata. May kaso rin ng pagnanakaw ng alagang hayop ng nga residente.

Samantala, sa bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro, sinimulan muli noong Oktubre ang panunukat sa lupang inaangkin ni Mayor Ernilo Villas mula sa mga Mangyan-Hanunuo sa Brgy. San Roque. Bahagi ito ng pangangamkam ni Mayor Villas sa libu-libong ektaryang lupain ng Bulalacao. Isinagawa ito sa bisa ng Sangguniang Bayan resolusyon na nag-deklarang porestal (o *forest zone*) na maaring patituluhan ang 17, 500 ektaryang lupain sa Bulalacao. Ipinasa ang resolusyong ito upang magkaroon ng ligal na batayan ang paghihimasok ng mga negosyo sa ekoturismo kung saan sangkot din ang mga Villas.

BANTAY KARAPATAN


Walang tigil ang pagpapahirap ng 203rd Brigade sa mga Mindoreño

Sa ikaapat na kwarto ng 2024, pinuspos ng rehimeng US-Marcos II ang propaganda nito hinggil sa diumanong matagumpay na kontra-rebolusyonaryong digma nito. Hungkag na ipinagmayabang na "isang mahinang larangang gerilya" na lang ang natitira sa Pilipinas at ibinandera ang mga bayan at prubinsyang "insurgency free" na kuno. Kasabay ng pinaigting na kampanyang psywar, binuhos din ng 203rd Infantry Brigade ang mga pwersa nito sa kabi-kabilang mga focused military operations (FMO) at Retooled Community Support Program Operations (RCSPO). Ang mga malawakang operasyong kombat at psywar pati na ang pagbaling ng mga sundalo ng kanilang galit sa mga sibilyan pagkatapos ng sunod-sunod na mga labanan ay nag-resulta sa panibagong mga kaso ng pang-aabuso at pang-aapi sa mga Mindoreño mula Oktubre hanggang Disyembre 2024.

PAMBUBUGBOG, PANGGIGIPIT AT PAGBABANTA |

Matapos ang sunud-sunod na mga labanan sa pagitan ng BHB at mga sundalo noong Nobyembre sa Oriental Mindoro (OrMin), tinerorisa ng mga sundalo ng 76th Infantry Batallion (76th IB) ang mga residente sa mga bayan ng Bongabong, Bansud at Socorro. Isang sityo lider sa Bongabong ang sapilitang isinama sa operasyon ng 76th IB na desperadong nanunugis sa mga yunit ng BHB. Binantaan naman ang buhay at pilit na isinasama sa operasyon ang mga residente ng Buhuan, Tigaw, Bugtong na Tuog at Camilian sa bayan ng Socorro.

Sa San Jose, Occidental Mindoro (OccMin) naman, binugbog at pilit na pinaaming taga-suporta ng BHB ng mga pwersa ng 68th IB ang dalawang residente ng Brgy. Monteclaro. Pinatawag naman sa kampo ng militar at pilit ding pinapaamin na "*supporter* ng NPA" ang mga residente sa walong sityo ng Naibuan at Monteclaro.



PAGKAKAMPO AT PAG-BLOKEYO |

Apat na trak ng 76th IB ang ipinakat sa Brgy. Villa Pag-asa, Bansud (OrMin) noong Nobyembre 6. Pinigilan ng mga sundalo ang mga residente na lumabas sa kanilang mga bahay at binilinan na mag-ulat kung makakita ng "bagong mukha" sa kanilang barangay. Sinunog din ng mga militar ang bahay ng isang residente sa Villa Pag-asa.

Dalawang trak naman ng sundalo ang ipinasok sa Brgy. Malu, saklaw pa rin ng Bansud. Agad na ipinailalim sa *food blockade* ang barangay at ipinagbawal ang pagpunta ng mga residente sa kaingin na kanilang kabuhayan. Ganito rin ang sinapit ng mga residente ng Sityo Afnagan, Brgy. Villa Pag asa, Rosacara at Conrazon na pinagbawalan ng mga militar na pumunta sa bukid at kaingin.

Mula Nobyembre 19 kinampuhan ng mga AFP ang Brgy. Bugtong na Tuog. Pinagbawalan ang mga residente na pumunta sa kaingin, sinita ang dala nilang kalakal at naghigpit sa pagbili ng bigas at iba pang bilihin. Tumagal ito nang halos isang buwan.

Samantala hanggang ngayon, imbes na lisanin, nadagdagan pa ang mga nakakampong pasista sa tabing ng RCSP Operations sa gitna ng mga pamayanan. Kinampuhan ang mga sityo ng Atoy, Fanuban, Alyanon, Syange, Ambuan Daka at Mongos ng Barangay Lisap sa Bongabong. Militarisado din ang mga barangay ng Rosacarra, Conrazon, at Villa Pag asa ng Bansud at Brgy. Bugtong na Toog sa Socorro. Sa bayan ng Mansalay, nagkampo sa Sitio Ayagay, Lukban, Matarayo, Kiasa, Kilapnit, at Proper ng Brgy. Panaytayan, Sitio Quinomay, Brgy. Balugo, at Sitio Tignuan, Brgy. Teresita. Sa Bulalacao ay ang Sitio Balditan, Brgy. Benli. Sa San Jose, kinampuhan din ang Sitio Dolis, Brgy. Monteclaro, at mga sitio ng Salidang at Yabat, Brgy. Naibuan. Habang sa Rizal ay ang Sityo Natob, Brgy. Manoot. Matinding takot, pangliligalig, at

at pagmamanman ang hatid ng presensyang militar sa mga residente ng mga nabanggit na pamayanan maging sa mga karatig nito.

Matinding pahirap ang dinadanas ng mga katutubong Bangon sa mga sityo sa ilaya ng ilog Binagaw dahil sa pagpapairal ng batas militar na patakaran ng mga pasistang sundalo. Mahigpit na inirereklamo ng mga katutubong Bangon ang batas na ipinatutupad ng mga pasistang sundalo na 3-5 kilong bigas lamang ang maaari nilang bilhin sa mga tindahan at tyangehan na 2 oras hanggang kalahating araw ang layo sa kanilang tirahan. Ang mga bibili ng lampas sa itinakda ng mga pasista ay pinararatangang tagasuporta ng NPA, pinapatawag sa kampo at pinasusukong NPA. Epekto nito'y dagdag pang gutom at kahirapan ang dinadanas ng mga katutubo.

PAGBIBINBIN NG LABI | Itinago ng mga berdugong sundalo ang labi ng namartir na mandirigma na si Jhonas "Ka Igo" Rivera mula sa kanyang pamilya. Ginipit din ng mga militar ang pamilya ni Rosemarie "Ka Agnes" Gayadan. Hanggang sa libing ni Ka Agnes ay nanghimasok ang mga sundalo at ginamit pa ang pamilya ng martir upang palabasin ang mga sarili na may malasakit sa pinapatay nila at mga pamilya nito. 



Paano ipinapatupad ng Hukbong Bayan ang rebolusyonaryong hustisya?

Ang rebolusyonaryong hustisya ay ang pagtaguyod at pagtatanggol sa interes at karapatan ng mga magsasaka, manggagawa, katutubo, kabataan, kababaihan at iba pang demokratikong uri't sektor.

Sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, tanging sa rebolusyonaryong sistema ng hustisya nararanasan ng masang binubusabos at inaapi ang pagkilala, pagtaguyod at pagsulong sa kanilang mga karapatan. Sa rebolusyonaryong hustisya rin masisilip ang sistemang panlipunang ating ipinaglalaban at itinatatag kung saan may tunay na katarungan at wala nang pang-aapi at pagsasamantalang pyudal ng naghaharing imperyalistang US at malalaking kumprador-panginoong maylupa. Kaya naman sa pagtupad ng rebolusyonaryong hustisya, napagkakaisa nang mas mahigpit ang masang api para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Ang rebolusyonaryong sistema ng hustisya ay isang produkto't bahagi ng pampulitikang kapangyarihan ng masang api na hakbang-hakbang na itinatayo. Kaya naman ang pagpapatupad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng rebolusyonaryong hustisya ay bahagi ng mga tungkulin nito bilang bisig ng gubyernong bayan

Kaiba sa burges na hustisya na nagpapanggap na walang kinikilingan, hayag na sinasabi ng rebolusyonaryong hustisya ang pinapanigang makauring interes--na ito'y para sa masang api. Mula sa pagkilala sa iba't ibang uri at ang papel ng mga ito sa tunggalian ng rebolusyon at reaksyon, pinag-iiba ng rebolusyonaryong hustisya ang di antagonistiko o di marahas na kontradiksyon mula sa antagonistiko o marahas na kontradiksyon.

Ang mga kaso sa hanay ng mamamayan ay tinuturing na di antagonistiko at nilulutas sa paraang di marahas. Ito'y mula sa tumpak na pagsusuri na ang mga tunggalian sa hanay ng masa ay nakabatay sa krisis na nililikha ng isang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Halimbawa, ang alitan sa pagitan ng dalawang magsasaka sa lupa ay di antagonistiko dahil ang kanilang problema sa lupa ay bunsod ng kakulangan sa lupang sakahan para sa milyun-milyong maliit na magsasaka dahil sa monopolyo ng mga panginoong maylupa (PML), malaking burgesya kumprador (MBK) at dayuhang negosyo.

Samantala, ang mga kaso sa pagitan ng mamamayan at mga kaaway sa uri (mga mapagsamantalang PML, MBK, imperyalismo at ang kanilang sunud-sunurang armadong pwersa) ay antagonistiko at nilulutas sa paraang marahas dahil tahasang magkasalungat ang interes ng dalawang panig at kailanma'y di mapagkakasundo at marahas ang naghaharing papet na estadong nanunupil sa karapatan at kalayaan ng sambayanan. Mahalaga dito ang pagpapakilos sa masa upang sila mismo ay aktibong makisangkot sa pagpataw ng rebolusyonaryong hustisya sa kaaway na nang-aapi sa kanila.

Sa pamamagitan ng wastong pagsusuri sa kalikasan ng mga kaso--kung antagonistiko o di antagonistiko--natitiyak ng rebolusyonaryong sistema ng hustisya na natataguyod ang mga karapatan ng parehong nagsampa ng kaso at nasasakdal. Dagdag na gabay rito ang mga Talaan ng Karapatan ng mamamayan sa ilalim ng gubyernong bayan. Sa Mindoro, pagpapaunlad dito ang binuong gabay para sa paglilitis ng mga kaso sa hanay ng katutubong Mangyan bilang pagsasaalang-alang sa kanilang katutubong kultura. Ito'y paglalapat sa prinsipyo ng rebolusyonaryong hustisya sa kultura at sistema ng hustisya ng mga Mangyan. Kinilala at nirerespeto nito ang impluwensya't awtoridad ng mga angkan sa paglutas sa mga tunggalian sa lipunang Mangyan.

Ano ang karampatang proseso (due process) sa ilalim ng rebolusyonaryong sistema ng hustisya?

Sa pagsasampa ng kaso, kinakailangang magkaroon ng malinaw na demanda o petisyon sa taong kinakasuhan, maaring isampa ang berbal o nakasulat na petisyon sa komiteng rebolusyonaryo sa baryo (KRB), sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) o yunit ng NPA sa eryang saklaw. Matapos nito'y sisimulan ng yunit o organong pinagsampahan ng kaso ang pangangalap ng mga batayan at ebidensya. Kinakailangang obhetibo at makatotohanan ang mga ito. Makakalap ang mga ebidensyang makatitindig sa loob ng hukuman kung makukuha ang impormasyon mula sa magkabilang panig (nagsampa ng kaso at nasasakdal) at mga saksi. Ang panahon ng pag-iimbestiga at pangangalap ng ebidensya ay hindi dapat magtagal nang di kinakailangan.

Matapos nito'y pagtitibayin ng KRB, SPL o yunit ng Hukbo ang kaso. Itatakda ng anuman sa mga nabanggit ang paglilitis at mandamyento de aresto o pabatid ng pagpapatawag upang humarap sa hukumang bayan. Bubuuin din ang lupon ng mga huwes para sa hukumang bayan. Para sa mga simpleng kaso, mainam na ang tatlong huwes man lamang. Ang mga komplikadong kaso naman ay dapat may siyam na huwes man lamang.

Ang susunod na hakbang ay ang paglilitis. Inihaharap sa mamamayan ang kaso sa loob ng hukumang bayan, diringgin ang magkabilang panig at mga saksi at ilalahad ang ebidensya. Sa prosesong ito, hanggat maari ay sinisikap na palahukin ang masa sa hukumang bayan. Isa ring titiyakin ay ang kinatawan o abogado ng nasasakdal at na kaniyang mauunawaan ang kaso, ang kanyang karapatan at ebidensyang nakahain laban sa kaniya--ito'y parehong mahalagang karapatang sibil.

Matapos ang pagdinig ng kaso, hahatulan ng hukuman ang nasasakdal. Itinatakda ang hatol ng simpleng mayoryang boto ng mga huwes sa mga simple't di kumplikadong kaso. Kapag kamatayan ang hatol sa nasasakdal, kinakailangan ang dalawang-katlong mayoryang boto. Kinakailangan ding ipaliwanag ng bawat huwes ang dahilan ng kanilang boto. Hanggat walang hatol sa kaso, karapatan ng nasasakdal na maipalagay na siya'y inosente.

Sa anumang hatol, maari itong iapila sa kagyat na nakatatataas na hukumang bayan, yunit ng Partido o organo ng gubyernong bayan. Agad ding iaapila sa pinakamataas na pampulitika at hudisyal na awtoridad sa rehiyon ang mga kasong kamatayan ang hatol. Kung iaapila rin ng baseng masa ang hatol na kamatayan, maari itong kilalanin ng hukumang bayan alinsunod sa makatarungang batayan.

Ang mga sumusunod na kaso ang maaring saklawin ng parusang kamatayan: pag eespiya, pagtataksil at pagkakanulo sa rebolusyonaryong kilusan, paglustay sa pondo ng Partido o gubyernong bayan, panunulong ng maraming bahay at ari arian, pagnanakaw ng nang paulit ulit ng kalabaw at iba pang mga hayop, panggagahasa lalo na sa mga menor de edad. Ang mga kaso ng laluna yaong may utang na dugo ay agad na lilitisin sa antas ng komiteng larangan o prubinsya at aaprubahan ng nakatataas na organong panrehiyon.

Sa bawat hakbang ng pagpapatupad, mahigpit na maaasahan ng Partido at gubyernong bayan ang BHB.

Ang pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya sa isla ng Mindoro

Mula nang maipunla ang Pulang kapangyaihan sa isla, nagagawa nang matamasa ng mga mamamayang Mindoreño (laluna yaong nasa ilalim ng mga organo ng gubyernong bayan) ang rebolusyonaryong hustisya na nagbibigkis sa kanila nang mas mahigpit at nagpaparusa sa kanilang mga kaaway sa uri.

Isang tampok na karanasan ay ang hukumang bayang binuo noong Agosto 2014 upang litisin ang 15 tao na sinampahan ng limang kaso: pagtindig na pro-mina na labag sa pinagkaisahan ng pamayanan na pagtutol sa mina, pananakot sa masa upang sila'y pumirma't pumayag sa pagpasok ng mina, pagtanggap ng suhol, paglustay ng pondo ng organisasyon at pamemeke ng pirma. Naganap ang kasong ito sa hanay ng mga katutubong Mangyan.

Bago ang aktwal na paglilitis, inihanda ang masa upang sila'y aktibong makalahok sa hukumang bayan. Nagkaroon ng kampanya sa pag-aaral hinggil sa rebolusyonaryong hustisya, hukumang bayan at epekto ng pagmimina.

Napatunayang may sala at inamin ng mga akusado ang dalawa sa limang kasong nakasampa sa kanila. Mula rito'y pinatawan ng sityo arrest ang dalawang mayor na akusado mula sa 15. Ang ibang 13 ay pinatawan ng multa at pinag-ihaw ayon sa kultura ng mga katutubo. Kinailangan din nilang magpuna sa kanilang mga sarili sa harap ng masa dahil sa kanilang pagtataksil sa laban ng Mangyan at mga Mindoreño sa mapangwasak na mga operasyon ng mina.

Tumagal ng dalawang araw ang paglilitis at dinaluhan ito ng umabot sa higit 160 katao mula sa 17 na sityo. Ang hukumang bayan ay nagsilbing paaralan para sa masa kung saan kanilang natutunan ang tunay na katarungan, paano magkakaisa sa harap ng mga tunggalian sa loob ng kanilang hanay at ang paraan ng paggubyernong ayon sa interes ng masang anakpawis. Upang tagumpay na mailunsad ang hukumang bayan, kinailangan ang pagkakaisa at koordinasyon ng BHB at mga kasapi ng Partido at mga samahang masa sa lokalidad.

Maibibigay rin nating halimbawa ang bawat taktikal na opensiba't aksyong pamamarusa na inilulunsad ng Hukbong Bayan. Lagi't lagi ang mga labang ipinuputok ng Hukbo ay pagtugon sa hinaing ng mamamayan laban sa AFP-PNP-CAFGU, mga despotiko at mapang-abusong PML-MBK at mga dayuhang negosyo na nangwawasak sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Mula sa malalim na pag-unawa sa lumulubhang pananamantala at pang-aapi sa mamamayan, tungkulin ngayon ng lahat ng pwersa ng rebolusyon na magpunyagi upang maisikad at

maibante ang tatlong sangkap ng digmang bayan--ang pagbubuo ng baseng masa na siyang pundasyon ng gubyernong bayan, paglulunsad ng mga kampanya sa rebolusyong agraryo at pagpapalakas sa armadong pakikibaka. Kung tayo'y makapagpapalakas at makasusulong sa susunod na yugto ng ating digmang bayan, magkakaroon ng mas mahusay na kakayahan at awtoridad ang Pulang kapangyarihan ng mamamayan na matamasa ang rebolusyonaryong hustisya.

NDFP-MINDORO BULLETIN



MULA KAY KA MA. PATRICIA ANDAL

Krisis sa klimang luwal ng imperyalismo, marapat labanan ng nagkakaisang hanay ng mamamayang Mindoreño

Sa kasaysayan ng isla ng Mindoro, napakalaking bahagi ang mga likas na yaman nito sa buhay panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika at pang-kultura na binuo at pinayaman ng mga Mindoreño sa loob ng daan-daang taon.

Bukod sa nanggagaling sa kalikasan ang lahat ng pangangailangan ng lipunan, ang natural na mga katangian nito ang siya ring nagsisilbing panangga laban sa hagupit ng mga sakuna--mula sa malalakas na mga bagyo, pagguho ng lupa, pagbaha hanggang matitinding tagtuyot.

Kaya lubhang apektado ang masang Mindoreño ng deka-dekadang pagkawasak ng kalikasan at ang krisis sa klima na dinulot nito. Doble ang epekto nito para sa mga masang magsasaka at katutubong Mangyan na nakaasa ang buhay at kabuhayan sa lupa at likas na yaman ng isla. Ramdam na ramdam kung paano sumidhi ang mga epektong ito laluna nitong mga nagdaang taon. Tingnan na lamang ang El Niño at sunud-sunod na bagyong puminsala sa mga Mindoreño buong taong 2024. Hanggang ngayon ay di pa nakababangon ang kabuhayan ng mga magsasaka at katutubong Mangyan sa mga pinsalang ito.

Ang krisis sa klima ay kinatatangian ng *extreme* o dulo-sa-dulong pagbabago ng panahon at mga padron nito na pumipinsala sa mga tao. Ito ang bunga ng taun-taong pag-init ng temperatura ng mundo na lumilikha ng ibayo pang mga abnormalidad at disbalanse sa kalikasan. Ang pag-init ng mundo o global warming ay resulta naman ng mga operasyon ng mga dambuhalang kapitalistang negosyo na nagbubuga ng kung anu-anong kemikal sa hangin at katubigan, kumakalbo sa kagubatan, bumubutas sa mga bundok at sumasaid sa yaman ng mundo para tuloy-tuloy na makalikha ng labis-labis na kalakal para magkamal ng supertubo.

Sa kabila ng katotohanang ang imperyalismo at mga lokal na naghaharing uri na kasabwat ng mga ito ang nangwawasak sa kalikasan, buong kabuktutan pa ring ibinabaling ng naghaharing sistema ang pananagutan sa krisis sa klima sa masang anakpawis. Tusong pinapalaganap ng mga naghaharing uri ang ideya na ang mga abnormalidad sa klima ay dahil sa mga-pangkaraniwang aktibidad ng masa: Halimbawa, ang matinding init ay dahil daw sa pag-uuling at pagkakaingin o kaya ang pagbaha sa mga bayan at lungsod ay dahil sa basurang kinakalat ng mga maralita. Pilit pinaniniwala ng mga naghaharing uri ang masa sa ganitong kasinungalingan upang pagtakpan ang kanilang pananagutan sa pagkawasak ng kalikasan. Pinalalaki sa mga datos at istadistika ang ambag ng pang-araw-araw na pamumuhay ng masa sa krisis sa klima habang pinagtatakpan naman ang pananagutan ng mga monopolyo-kapitalista at kanilang kasabwat sa gubyerno.

Ilan sa tampok na halimbawa ng mapangwasak sa kalikasan na negosyo at proyekto ng gubyerno sa isla ng Mindoro ay ang mga dam, mina at kwari; dagdag na rin dito ang Tamaraw Reservation Expansion Program (TREP) at mga proyektong para sa renewable energy. Ipinagmamayabang ng reaksyunaryong gubyerno na ang mga negosyo at proyektong ito ay para sa kaunlaran ng mamamayan at pagpapalago ng ekonomya sa isla. Isa sa kinahiligan na gamiting panabing ng mga lokal na pamahalaan at pinapaboran nilang negosyante ang suliranin sa kuryente sa isla. Bahagi ang mga pinapasok na negosyo't proyekto ng mga neoliberal na patakaran na ipinatutupad ng reaksyunaryong gubyerno sa utos ng imperyalismong US. Binubukas nito ang lupain, katubigan, kagubatan, kabundukan at lahat ng yamang likas at tao ng isla sa mga negosyo ng mga panginoong maylupa-malaking burgesya kumprador (PML-MBK) at dayuhan para kanilang pagsamantalahan, dambungin at pagkakitaan. Napatunayan ng higit apat na dekadang pagpapatupad ng neoliberalismo sa Pilipinas na wawasakin lamang ng mga nasabing negosyo't proyekto ang buhay at kabuhayan ng mamamayang Mindoreño habang tinitiyak ang bilyun-bilyong kita para sa mga PML-MBK, dayuhang negosyo at mga kasabwat na burukrata-kapitalista.

Bunga ng sumisidhing mga sakuna't kalamidad, umalingawngaw sa buong mundo ang panawagan para sa hustisyang pang-klima (*climate justice*). Nagmumula ang panawagang ito sa pagsusuri na dapat kilalanin at panagutin ang mga dambuhalang negosyo at bansa, ganondin ng mga lokal na naghaharing uri na silang responsable sa

malawakang pagkawasak ng kalikasan. Para sa mga nagsusulong ng hustisyang pang-klima, hindi maaaring malutas ang krisis sa klima kung hindi ipapataw sa mga mapagsamantala at mapang-aping naghaharing uri ang karampatang pananagutan at kaparusahan.

Bago pa man tumampok sa midya o publiko ang krisis sa klima at hustisyang pang-klima, malaon nang inilatag ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) ang programa nito sa pangangalaga sa kalikasan, siyentipiko't progresibong pagpapaunlad sa industriya at produksyon ng bansa at pagtitiyak ng mga karapatan ng mamamayan.

Sa bahagi ng rebolusyonaryong kilusan, ipinatutupad sa mga rebolusyonaryong base ang mga batas at patakaran na nangangalaga sa likas na yaman ng isang erya. Halimbawa, may mga lugar kung saan naipapatupad ang mga restriksyon sa pagtotroso o kaya paggamit ng lason para mangisda. Ito'y habang isinasaalang-alang ang inaabot ng antas ng kamulatan at moda ng produksyon ng masa. Ang mga patakaran at batas ng gubyernong bayan hinggil sa kalikasan ay may kaakibat na kampanya sa edukasyon at pagsasaayos sa produksyon at kabuhayan ng masa. Layunin ng ganitong mga hakbangin na tiyaking nagkakaisa ang masa at sila mismo ang kikilos para sa programa ng DRB at gubyernong bayan para sa kalikasan.

Nililitis din sa hukumang bayan ang mga kasong isinasampa ng mamamayan laban sa mga mapangwasak na negosyo't proyekto ng mga naghaharing uri. Matapos suriin nang maigi ang mga ebidensya, hinuhusgahan ang kaso ng mga kinatawan mula sa Partido at masa. Ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang siyang magpapatupad ng pasya ng hukumang bayan--mula sa pagbibigay ng babala o kaya pagpapataw ng aksyong pamamarusa. Ang awtoridad ng BHB at hukumang bayan na ipatupad ang mga ito ay nagmumula sa pag-representa ng mga ito sa pasya at interes ng masa.

Tampok na halimbawa ng pagtugon ng hukumang bayan at BHB sa Mindoro sa hinaing ng mamamayan laban sa isang mapangwasak na negosyo ang reyd sa Sta. Clara Powerplant Corporation (SCPC) sa Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 2019. Kinamkam ng SCPC ang tatlong libong ektaryang lupain sa bandang itaas ng ilog Catuiran sa Naujan. Pinaralisa ang mga trak at kagamitan ng SCPC upang paralisahin ang operasyon ng SCPC. Tiniyak din na bahagi ng reyd ang pagpapaliwanag at pagpapaunawa sa mga manggagawa ng SCPC sa dahilan ng reyd ng BHB. Lubos ang pagpapasalamat at pagpupuri na sumalubong sa BHB matapos ang reyd. Pinagpugayan ng masang Mindoreño ang ipinamalas na lakas at tapang ng Pulang hukbo para ipaglaban ang kanilang interes laban sa SCPC. Malaking pagkalugi ang idinulot ng reyd sa kaaway ng mamamayang Mindoreño habang binigyang pag-asa naman ng aksyong pamamarusa ang masa na patuloy na lumaban kasama ang Hukbong Bayan.

Sinusuportahan at pinahahalagahan din ng DRB ang mga kilusang kusang binubuo at inilulunsad ng masa sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) para sa hustisyang pang-klima. Halimbawa sa isla ang kilusang masang nagpalayas sa kumpanya sa mina na FFCruz sa Bulalacao, Oriental noong dekada 80's. Nariyan din ang kilusang matagumpay na nagluwal ng 25-taong *moratorium* sa mina sa parehong probinsya noong dekada 2000s; napahinto ng kilusang ito ang Mindoro Nickel Project na magbibigay karapatan sa mga dayuhan na dambungin ang mga mineral sa 11, 216 ektaryang *watershed area* pareho sa Occidental at Oriental. Hinihikayat ng rebolusyonaryong kilusan ng Mindoro ang masang Mindoreño na magkaisa, itindig muli ang katulad na mga kilusang masa at labanan ang patuloy na panghihimasok at pangwawasak ng mga dambuhalang negosyo at gubyerno sa isla.

Sa ganap na pagtatagumpay ng DRB, kagyat na itatatag ang isang ekonomyang umaasa-sa-sarili. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng rebolusyong agraryo at pambansang industriyalisasyon upang lutasin ang atrasadong ekonomyang umiral sa loob ng ilang siglo at siyang nagtali sa atin sa kontrol ng mas malaki at makapangyarihang mga bansa. Itataguyod ang mga pabrikang pag-aaring publiko, mga makinang gagana lamang para sa pangangailangan ng lipunan at pagkakapantay-pantay sa kapakinabangan sa likas na yaman ng bansa. Ito ang ipapalit (at ipinapalit na) ng rebolusyon sa anarkistang produksyon ng kapitalistang sistema na walang habas na sumisira sa kalikasan at nagdadala sa mamamayan sa kapahamakan at delubyo. Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Mindoreño at ng masang api sa bansa at buong mundo ang siyang magtitiyak na magagamit ang likas na yaman para sa kasaganahan ng lahat.



Reyd sa SCPC noong 2019. Larawan mula sa arkibo.

KULTURA

Sa kanayunan ko natagpuan

ni Ka Soley

Wala akong halos maaninag sa mga daang ikinukubli ng maulap na gabi at mga puno't halamang nakayakap sa daan. Hindi mo aakalaing ang mga kaluskos at paminsan-minsang mga bulong ay mula sa mga kabataang nangangahas ngayon maglakbay sa di pamilyar na tereyn--sa lupang minsa'y dahilig, minsa'y mabato, madulas o kaya matarik--upang marating ang isang sonang gerilya.

Kaluskos.

Hakbang.


PATUNGKAB
PUGAKANG


BALITA:
WALA NA ANG MGA NPA,ISANG LARANGAN NALANG ANG MERON SILA!


SAMANTALA SA ISANG DETACHMENT NG MILITAR SA ARAW NG PASKO...
OO NGA! GUSTO KONG MAG-NOCHE BUENA NGAYON
AKALA KO BA WALA KONTI NALANG SABI NI SIR, BAT BA AYAW PA TAYO PAUWIIN PASKONG PASKO


OO NGA AKALA KO RIN MAKAKAUWI NA AKO
ANTAGAL KO NANG HINDI NAKAKUWI!
AKALA KO RIN E, SABI KASE WALA NG MGA NPA


PAK PAK PAK


AAAHHHHH
'WAG NYO AKONG IWAN!
MAMAAA!!

Mahinang daing kapag nadudulas. Pabulong na ulat sa isahang linyang lakaran.

Higit dalawang oras na yata kaming naglalakad at higit apat beses na rin siguro akong nadulas pero ano raw ang sabi ng kasamang siyang giya namin sa daan? Wala pa kami sa kalahati ng lakaran. Sa pakikipagbuno sa kalupaang di pa kilala ng aming mga paa, salitan na lang kaming nadudulas ng mga kapwa ko bagong pasok sa sona. Mahinang tinatawanan namin ang aming mga sarili sa tuwing may biglang dumadausdos o gumugulong.

Anim na oras ang nakalipas, narating din namin ang base ng isang yunit ng Hukbo. Mababakas na sa mga mukha namin ang pagod pero nang makita ko ang ngiti ng nga kasamang sumalubong sa amin, napawi rin ang pagod!

Pinagpag ko agad ang putikan kong mga kamay.

Ngumiti.

At sa wakas nakipagdaupang palad sa kanila.

Maulan pero tagumpay naming naipagdiwang ang anibersaryo ng Partido. Samu't saring kultural na pagtatanghal ang inihanda ng mga kasama.

Front roll.

Tudla.

Palo ng pulang bandilang iwinawagayway sa hangin.

Kami rin mismo ay tinawag sa entablado! Bagamat nahihiya, naitanghal din namin ang piyesang binuo namin sa loob lamang ng dalawang oras.

Patapos na ang mga araw ng aming bisita pero bitin yata lalo't malakas ang tawag ng larangan at ng masa sa kanayunan. Paano ko lilisanin ang lugar kung saan ko natagpuan ang sarili kong aktibong nagbabago ng lipunan? Hindi sapat ang tatlong araw upang bagtasin ang tereyn ng digma, upang makasama sa Hukbo habang inaabot nito ang masang sabik na naghihintay na makilala at makalahok sa rebolusyon.

Hindi na lamang pangarap sa akin ngayon ang magtanghal sa teatro ng digmaan. Higit pa sa pag-awit at paggalaw ang gusto kong gawin at ilaan. Ngayong nagpasya akong magtagal pa sa larangan, alam kong marami akong matututunan sa praktika ng armadong pakikibaka.

Hindi ko pa lubos na magagap ang tarik at dulas ng tereyn. Madalas pa akong madapa lalo kung madilim ang daan. Hindi ko pa gagap ang pamumuhay ng Hukbo. Hindi ko pa natututunan ang mabilisang pagtatayo at pagkalas ng kubo o ang pagluluto sa simpleng kusinang itinatayo ng mga kasama. Hindi pa ako lubusang nakakaangkop sa disiplina ng Hukbo. Gusto ko pang makipagkamay, makipag-usap sa mas maraming masa; nais kong matuto mula sa mga kwento nila ng pagbangon mula sa kahirapan.

Sa dinami-rami ng bagong mga karanasan at aral, isang bagay lang naman talaga ang nais kong matutunan: ang ubos lakas at buong pusong paglahok sa pagbabago ng lipunan. At alam kong sa kanayunan ko 'yon matatagpuan. 

Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph

